1

"Are you certain, Agent Duarte, that you don't know Mr. Ling?"

"Yes, I'm positive."

"And you don't recall making the acquaintance of Senator Mijarez?"

Nakakuyom na ang mga kamao ni Lucienne sa ilalim ng mesa sa conference room ng *UIN* Manila Headquarters. Ni ayaw niyang tingnan ang mukha ng ibang taong naroon at nakatingin sa kanya. "No, not that I can recall."

"Apparently, ayon sa mga dokumentong ito na anonymous na ipinadala sa amin, ang iyong ama at si Senator Mijarez ay nakilala at naging kaibigan si Mr. Ling pati na ang ilang kaibigan niyang matataas na opisyal sa gobyerno ng China, sa loob ng halos limang taon, beginning in 1981. It is to the point of selling vital Philippine military and economic information to the Chinese."

Karaniwan nang kayang rendahan ni Special Agent Lucienne Mari Duarte ang kanyang composure at emosyon. Sa kanyang trabaho bilang leader ng

Crisis Negotiation Division ng *United Intelligence Network* ay na-train siyang mas pairalin ang lohika kaysa ang emosyon. Over the past six years that she had been a U16, as what *UIN* agents were called, she knew she had been successful in doing that.

But not when it involved people she loved, especially her father who died of a sudden heart attack just two years ago.

"What the hell are you talking about? My father never betrayed his country. How dare you suggest such a thing?" mahina ngunit mariing sabi niya.

Paglampas pa lang niya kanina sa security check sa lobby ng five-storey building ng *UIN* sa North Avenue ay sinalubong na siya ng secretary ng kanilang country director na si Ed Malvar at iginiya siya sa boardroom. She only learned of this meeting this morning while she was getting ready for work.

Ang akala niya ay para sa isang biglaang kaso lang ang meeting na ito, ngunit may walong tao pa siyang naabutan. A congressman, a senator, a high-ranking police officer, a general, a member of the Cabinet and even an undersecretary from the *Department of Defense*.

And now this?

Tiningnan niya isa-isa ang mga nasa mesa, na parang kayang ibaon ng tingin niyang iyon ang katotohanan sa consciousness ng mga ito. But those who looked at her all gave her only the most impassive of stares.

"I understand that this news might be upsetting to you, if, of course, it is news," wika ng babaeng Cabinet member, isa sa mga spokesperson ng pangulo, na hayagan nang nag-aakusa.

Inilapat ni Lucienne ang mga kamay sa mesa, at matamang minasdan ito. "What are you saying?"

"We are saying, Agent Duarte, that we have reason to believe that your father was a traitor to his country. And that until this allegation can be disproved, it casts a certain… shadow, let's say, on your own integrity." Si Director Malvar na ang sumagot sa tanong niya.

Sandaling napapikit siya at huminga nang malalim nang idilat ang mga mata. "This is preposterous. Ibigay ninyo sa akin kung ano man iyang dokumento o impormasyon na hawak ninyo. I'll follow up on it. I'll prove that you're wrong."

Tumayo si Director Malvar at naupo sa bakanteng espasyo sa tabi niya. Mahinahon at may simpatya ang tono nito nang muling magsalita, ngunit malupit ang

mga binitawan nito.

"Pasensya na pero hindi maaari ang hinihingi mo, Agent Duarte. Until this matter is settled, your security clearance is being reduced to a clerical level. You're on desk duty pending further review. No field work for you effective today."

Minasdan niya ang nakatatandang lalaki. Hindi na niya nagawang itago pa ang nararamdamang pagkagulat at galit. If anyone was being betrayed, it was her. If anyone was a traitor, it was the man who sat beside her. Isang taong nirespesto at itinuring na rin niyang magulang, na ngayon ay kasali na rin sa unti-unting pagsira ng reputasyon ng kanyang ama at ng kanyang career.

He seemed to shrink back just a little at her scrutiny, and she hoped it was because he was ashamed of what he was doing. "Iyon lang po ba, Sir?"

Tumingin si Director Malvar sa iba pang nasa mesa at nang makitang wala nang may balak magsalita ay tumayo ito at marahang hinawakan siya sa braso. Walang kibong sumunod siya, patungo sa connecting door sa opisina nito.

Nang maisara ang pinto ay puno ng paghingi ng pang-unawa ang tingin nito sa kanya. "I'm sorry,

Agent Duarte. I know how much your father meant to you."

Sinalubong niya ang tingin nito. "Then, wala ka talagang alam, Sir. I would have expected more from you."

The old man was obviously distraught. Alam ni Lucienne na tila anak kung ituring nito ang lahat ng nasa *UIN*. "Sinubukan kong ipagpaliban pa ang meeting na ito hanggang sa makakuha pa ng dagdag na impormasyon pero—"

"You evidently didn't try hard enough, Sir. Ano ngayon ang sasabihin ko sa nanay ko? Na ang lalaking minahal niya, ang ama ng mga anak niya, ay nagtraydor pala sa bansang dapat ay pinagsisilbihan niya noong mga panahong malayo siya sa amin?" Her father was a high-ranking navy officer.

"Hindi kaya isipin din niya kung pati siya, pati kami ay tinraydor din ng tatay ko? Ano nga naman 'yung ilang beses na posibleng nambabae siya kung kaya pala niyang gaguhin ang bansa niya, di ba?"

"Agent Duarte, that's enough."

"Have you checked that out, Sir? Na-check n'yo po ba kung ano pa ang ginawang panloloko ng tatay ko? Because the message I'm getting here is that if a

man will betray his country, so surely will his children.

"You'd better make sure he doesn't have a couple of illegitimate kids secreted away out there. Given enough Duartes, we could bring this country to its knees." Alam niyang sobra na ang pinagsasabi niya, ngunit natatalo na ng nararamdamang galit ang logic at sense of decorum niya.

"Lucienne Mari, tama na!" Napabuntong-hininga ito. "Hindi mo ako kaaway."

Hindi makapaniwalang nakatingin lang siya rito.

"I'm not, no matter what you choose to believe right now. Kung walang kinalaman ang tatay mo dito—"

Ibinuka niya ang bibig upang magsalita, ngunit umiling ang director at nagpatuloy, "Kung walang kinalaman ang tatay mo dito, may nakatakdang mga investigative branches sa pangunguna ng *UIN* na tutulong para mailabas ang totoo. Sa ngayon, hintayin natin ang magiging desisyon ng panel ng gobyerno.

"What you do not need to do is go off on some kind of crusade. Delikado ang posisyon mo ngayon. Huwag mo nang palalain pa ang sitwasyon para sa iyo at sa trabaho mo. You can continue to work, just

not in the field, and don't test me on that. If you screw up, I won't be able to help you. Hayaan mo lang din na gawin ko ang trabaho ko para matulungan ka, nagkakaintindihan ba tayo?"

Masama pa rin ang loob niya, pero wala siyang choice kundi sumang-ayon. "Yes, Sir," mahinang sagot niya.

"Since you would be somehow demoted for the time being and would have limited access to certain files, nagpadala ang *UIN* ng pansamantalang makakasama mo. He will be your partner, for the meantime."

"He?" Tumaas agad ang isang kilay niya. She had never worked with a partner before. She had people under her supervision, but she had always worked alone.

"Yes, we considered some of your other colleagues here. Pero mas gusto ng *UIN* Main na bigyan ka ng makakasama na nasa pareho mo ring expertise, at walang anumang emotional attachment sa iyo para hindi mo magawang impluwensyahan siyang tulungan kang gumawa ng sarili mong imbestigasyon sa issue. He is from the London office at nandito na siya ngayon."

"So naiplano na pala ito bago ko pa man malaman

ang tungkol sa di-umano ay ginawa ng tatay ko?"

"Duarte, please. I was not in the position to let you know in advance. Maselan ang sitwasyon."

Mapabuga siya ng hangin. Napapagod na rin siyang makipagtalo o mag-appeal sa konsyensya ni Director Malvar. "Okay, Sir."

Lumapit sa mesa ang boss niya at sandaling may tinawagan. Ilang segundo lang ay may marahang kumatok sa pinto at pumasok.

Nakatitig lang sa marble floor si Lucienne kaya ang una niyang napansin sa bagong dating ay ang amoy nito. Something fresh, cool and a bit citrusy. It was very subtle, but made her raise her head just the same.

Bihira siyang may magustuhang amoy ng pabango o cologne.

"This is Agent Micah Alvarez," pagpapakilala ng director. "And you will be working with him, Agent Lucienne Duarte."

Hindi niya alam kung paano niya nagawang muling gawing neutral ang ekspresyon sa kanyang mukha. Pero hindi niya nagawang kontrolin ang pagtriple ng tibok ng kanyang puso. Ni sa panaginip ay hindi naisip ni Lucienne na darating muli ang

araw na ito.

Those piercing dark eyes. That perfect nose with a slight bump in the middle na siya mismo ang may gawa dati. Those full lips that totally made him into the sexiest man one would ever meet with just a slight upward turn of one corner. That slightly wavy hair that she knew was soft to touch. It used to be a bit long, but now was cut clean, accentuating the angles of his face. And she loved holding his face in her hands.

UIN was wrong. Hindi totoong kumuha sila ng isang taong walang anumang emotional attachment sa kanya. How could they not know?

Micah Alvarez was the first man she ever loved, who loved her back, so much. But she only broke his heart six years ago.

Kung tangible lang siguro ang tensyon at galit, malamang ay may namuo nang dingding na gawa sa yelo sa sandaling pumasok ng Office of the Agent-in-Charge sina Micah at Lucienne.

Tahimik ang babae simula pa nang ipakilala sila sa isa't isa ni Director Malvar, na walang kaalam-alam tungkol sa nakaraan nila. Apparently, they were

good when they kept things very low profile between them when they entered the academy almost seven years ago. Walang ideya si Micah na ang ibibigay sa kanya na temporary designation ay upang samahan si Lucienne, na ni hindi niya alam na leader pala ng isang high-risk division ng *UIN*.

Since she shut him out of her life six years ago, he never really bothered to find out more about her. It wouldn't do anything. Buo na ang desisyon nito at hindi na mababago. Lucienne wanted him out of her life, for good. Mabuti na lang at in-assign siya ng *UIN* noon sa ibang bansa, it was easier to forget.

Or was it, really?

Micah was grateful that the director didn't insist on pleasantries, and instead told them to get started with work already.

Hinayaan niyang maunang maglakad si Lucienne. Binigyan siya ng susi sa opisina, at technically ay siya na ang hahawak muna sa posisyon nito, ngunit ayaw niyang maramdaman nitong masyado ang katotohanang iyon.

Pero mukhang may ibang balak ang *UIN*. Parang walang intensyon ang mga nakatataas na bigyan man lang ng pagkakataon si Lucienne na mag-adjust sa

pagka-demote nito. Kahit iyon ang unang beses niya sa opisina, sigurado siyang binago ang ayos niyon base na rin sa reaksyon ng babae.

Corner office iyon, may dalawang mesa na paralell ang posisyon sa dalawang glass windows. Hindi kalakihan ang opisina ngunit na-maximize ang espasyo upang mapagkasya rin ang iba pang furniture. It was an office for partners, designed so it's easier for them to work together.

Mukhang natanggap na ni Lucienne ang sitwasyon nito ngayon, but it was obvious it was not okay with her.

Sino ang magiging okay na inaakusahan ng treason ang iyong ama?

Dumerecho ang babae sa mesa kung saan may nakapatong na maliit na red ceramic vase, na sa halip na mga bulaklak ay samu't saring lapis at ballpens ang nakalagay. "Take your seat, Agent Alvarez. We need to start."

Tahimik na nagtungo siya sa isang mesa. "Actually, I was already told to finish some expense reports first, then later I would have to go out to meet the HRT to—"

Noon tumingin sa kanya si Lucienne.

It didn't matter that she now sported a very short haircut, or that he could barely make out her curves in her smart navy suit. Lucienne Duarte was still the most beautiful woman he'd ever known.

"Well, I'm sorry, Sir. Naninibago pa ako. Yes, please, do whatever it is that you're supposed to do. You're the boss now. Nandito lang po ako para sa kung anumang ipag-uutos ninyo," mahinang sabi nito, puno ng sarkasmo at pigil na galit ang boses.

"Drop the 'Sir', you've always called me 'Micah'. Not even 'Agent' when we both got our badges," he said soothingly. "At hindi ako ang boss mo. Hindi ka lang puwedeng magkaroon ng field assignments muna at bawas ang access mo sa ilang files, pero ikaw pa rin ang masusunod dito. I will only be working with you."

Tumaas ang isang kilay nito. "Really? Work *with* me? Why, I was under the impression that you were sent here to spy on me... to make sure I do not conduct any sort of probe regarding *my* father's supposed traitorous act."

Umiling ang binata. "More to protect you than to spy on you, Lucienne," mahinang sabi niya. "Maselan ang sitwasyon mo ngayon, considering na ang dokumento in question ay nakuha sa nahuling hired killer, na ninakaw iyon mula sa isang Chinese

diplomat. *UIN* can't risk you out there in the field. You're a target."

Sumandal ang babae sa upuan nito. "I don't need protection especially your—"

"*UIN* got me a flat just a street away from your apartment building," imporma niya. "Kung nakasisiguro ang *UIN* na wala ka sa panganib, they wouldn't go to this extent. They care for you, Lucienne. They want you out of the investigation, but they will do their best to make sure you're safe."

Napailing ito. "Apparently, you knew about this even before I even had the slightest clue!"

"Kagabi ko lang nalaman."

"Well, kanina ko lang nalaman. In one f*cking go. How's that to start a Monday, huh?" Binuksan nito ang computer at inilabas ang isang stack ng papeles. "Let's just get to work."

Napatango lang si Micah habang hindi maalis ang tingin sa babae. Then he took a deep breath, trying to ease the pain from the realization that then and now, it was still that easy for Lucienne to dismiss him.

2

"You're putting our careers between us?"

Lucienne drew her lips tighter. Kaunti na lang ay mapapahagulgol na siya. Hindi madali ang naging desisyon niya ngayon. No sane woman would ever break up with someone like Micah Oliver Alvarez.

But she just did.

He was her first boyfriend, and first everything. Magkaibigan sila simula noong second year college. They officially became a couple during their senior year. Malapit sa kanya ang pamilya nito habang gusto rin naman ito ng kanyang mga magulang at dalawang kapatid. She was not the best girlfriend in the world, but Micah stayed with her, anyway.

Moody siya, mataray, may pagka-taklesa at medyo possessive. Madalas niyang subukan ang pasensya nito na hindi yata nauubos para sa kanya. Hindi gaya ng ibang lalaki na tila one-thousand piece puzzle sa hirap intindihin.

Micah was very transparent and always meant what he said. Hindi uso rito ang paliguy-ligoy, yet he was very diplomatic. Hindi ito umiiwas kapag

ine-engage niya sa isang argumento, pero nagagawa nitong gawing productive na diskusyon iyon sa halip na tuluyan silang mag-away.

They were intimate, but he never ever forced himself to her. He was sweet and she would never get tired of his little surprises and every little thing he did to make her smile. With him, she felt safe, secure and comfortable. Isa ito sa ilang tao na kilala siya, ang mga pagkukulang niya, ang mga kakaibang trip niya sa buhay, pero tanggap at patuloy siyang minamahal.

O minahal. Napailing siya. Hindi pala ganito kadaling makipaghiwalay na lang sa isang taong hindi mo ma-imagine na wala sa buhay mo.

But she had to do this. Hindi niya magagawa ang gusto niya kapag nasa buhay pa niya si Micah. Not that he ever stopped her from doing what she wanted. Pero madali rin kasi siyang makonsyensya kung may isang aspeto ng buhay na napapabayaan niya. The best solution was to sacrifice.

Inakala ni Lucienne na dahil sa nagawang desisyon na makipaghiwalay kay Micah ay hindi na rin siya masasaktan. Pero iba pala kapag harapan na. Bago ito ay ilang linggo silang hindi nagkita dahil busy sa training sa UIN Academy.

Now, she just wanted to turn around and run away so that she wouldn't see the pain and sadness in his eyes.

Why do you have to have those soulful eyes, Micah?

"Bahala ka na sa gusto mong isipin, Micah. I'm sorry but I really have to, and I want to do this. "

"Why, Lucienne? Why won't you believe that we can make this work? Hindi natin kailangang magtrabaho sa iisang division kung sakali. We don't have to be partners. Puwede tayong magkita during lunch, or dinner, and weekends. We can still spend time together, still love each other even if—"

"Micah, please." Itinaas niya ang isang kamay. "Kahit ano pa ang sabihin mo, hindi na niyon mababago ang desisyon ko. I think we're meant to be with each other only up to a certain number of years. Hindi biro ang magiging trabaho natin ngayon. We'll both have big responsibilities. We'll have lives in our hands. Hindi natin masasabi kung hindi niyon mababago kung ano ang mayroon tayo para sa isa't isa."

Micah still refused to believe her. "Lucienne, why would our job do anything to what we have all these years? I love you, I am sure of that. Nothing and no one can change that, even if they try." He searched her

face. "Y-you love me, right?" his voice faltered.

Parang madudurog ang puso niya nang salubungin ang mga mata nito. "I'm sorry."

"I refuse to believe that." Hinawakan siya nito sa magkabilang braso. Matinding willpower din ang kinakapitan niya upang hindi matuksong yumakap dito.

His big, rough hands felt comfortably warm against her cold skin.

Maingat na inalis ni Lucienne ang mga kamay nito sa kanya. "Believe what you want, but I am not going." Gusto niyang i-congratulate ang sarili dahil nasabi niya iyon nang hindi nababasag ang boses.

"Lucienne, please," nagpa-panic nang pakiusap ni Micah. "We can work this out. Kung kailangan mo ng oras, I will give it to you. Cool-off, maybe? Just don't give me up just yet."

Umiling ang dalaga. "I'm sorry." Humakbang siya paatras. "I'm sorry. Everything ends here, Micah." Napabuntong-hininga siya bago ito tuluyang tinalikuran. Hindi na niya narinig na humahabol ito, pero mabibilis pa rin ang hakbang niya patungo sa elevator ng main building ng UIN Academy.

Once her hand reached the buttons, she choked back a sob. If she had her way, things between her and Micah would never ever end.

———————

"You still take your tea the same as before? One teaspoon each of sugar and creamer?"

Muntik nang mapatalon si Lucienne nang sa pagpasok ay iyon ang isinalubong ni Micah sa kanya. He stood by the pantry, looking like he was just getting ready to prepare a hot drink.

And my, does he looked hot, err... good enough to eat.

Hindi si Micah iyong tipo na masyadong conscious sa itsura nito, but he always managed to look clean, polished and effortlessly gorgeous.

This morning, a few wisps of his thick wavy hair fell on his forehead, barely touching the rim of his glasses. Naghihintay ng sagot ang binata, nakatutok sa kanya ang mga mata habang bahagyang nakataas ang isang sulok ng mamula-mulang labi.

Lucienne felt knots in her tummy when she suddenly remembered how those lips felt against hers.

Shit! "Same thing," she said curtly. Tumuloy na siya sa mesa niya. Late siya nang halos isang oras dahil kailangan pa niyang makipag-usap sa HR, na kinuha muna ang badge niya.

Sumandal siya sa high-backed swivel chair at hinilot saglit ang sentido. Limang oras lang siyang nakatulog dahil ginugol niya ang buong gabi sa pagre-research tungkol sa issue na ibinibintang sa kanyang ama.

"Here. Let me know kung kulang ang timpla." Inilapag ni Micah sa harap niya ang mug ng tsaa. Tumango lang siya bago kinuha iyon, tumayo at nagtungo sa bintana. She sipped on her tea. It was perfect.

"Senator Mijarez called."

Nahigit niya ang paghinga sa narinig. Kahapon ng hapon ay tumawag siya sa opisina ng senador, ngunit ang sekretarya nito ang nakausap niya. Nag-iwan na lang siya ng mensahe kasabay ang pagpapakilalang anak siya ng yumaong si Captain Rustico Duarte. She left both her cellphone and office number. Apparently, the senator preferred to call the office landline instead.

Napabuga siya ng hangin bago hinarap si Micah.

She sure hoped she looked nonchalant enough. She was not supposed to be doing this. Malay ba niyang tatawag nang ganito kaaaga ang senador?

"He himself was the one who called?"

He smiled. "Yes, the one and only." But his gaze was intent.

"Nag-iwan ba siya ng number so I can call him back?" kunwa ay balewala pa ring tanong niya ulit.

Umiling si Micah. "No, but he left his address."

"What?"

Lumapit ito sa kanya. Lucienne was attempting to remain expressionless, but he knew her well enough to detect a hint of panic. "We've been invited to have dinner with him this evening. Very posh neighborhood. Remind me not to slurp my soup." He flashed her that easy smile again.

Umarko ang isang kilay niya. "That won't be necessary, Agent Alvarez." Napataas din ang kilay nito sa sinabi niya. "We are not going. Give me the address." Napalitan ng inis ang pilit niyang itinatagong panic nang tingnan lang siya ni Micah bilang sagot.

"No can do, I'm afraid. Nakalimutan mo na ba,

Lucienne? I don't write down phone messages. I store them up here instead." Tinapik nito ang sentido.

Right. Matalas nga pala ang memorya ng lalaking ito. "Okay then." Pumunta siya sa mesa at kumuha ng isang piraso sa notepad doon. "Isulat mo na lang dito ang address." Lumapit siya kay Micah at iniabot dito ang piraso ng papel.

He simply stared at her, and pulled the piece of paper from her fingers, letting it drift to the floor. Then he reached further and closed his hand around hers. Naikuyom niya ang kamaong nakakulong sa mainit na kamay nito. Sinalubong niya ang tingin ng dating nobyo at sinigurong maipaparating dito sa pamamagitan ng tingin na huwag itong makialam.

Micah was undeterred, he cradled her fist in one hand and caressed it with the other. "Ano ang plano mo, Lucienne?"

Napabuga siya ng hangin. "May mga tanong lang ako para kay Senator Mijarez."

"Director Malvar told you to keep out of this. Just calling Senator Mijarez could get you into a lot of trouble. He also said he will help you with this."

"Sasabihin mo ba ito sa kanya?"

Nanatiling nakatingin lang sa kanya ang kausap.

Hinila niya ang kamay mula rito. "The director already has a lot of things in mind. I doubt kung priority niya ito. Baka hinihintay lang niya ang resulta ng probe ng gobyerno." Napabuntong-hininga siya. "Hindi ito dapat pinapatagal nang walang iba pang aksyon. I have to do something.

"Don't you think it's too soon? Give it time."

"How much time should I give? Long enough for them to destroy my career? Hanggang pati ang kapatid kong nasa Navy ay guluhin din nila? O alisin ang retirement benefits ng mama ko?"

"I won't offer you platitudes, Lucienne, because we both know the truth doesn't always prevail. Pero masyado pang maaga. Isang araw pa lang ang nakakalipas. Maybe in a few more days..." mahinahong suhestyon ni Micah, hindi inaalis ang tingin sa kanya.

"I just need to do something." Muli siyang huminga nang malalim, iniisip kung ano ang susunod na sasabihin. She still resented the fact that her first love was back and seemed to be sent to spy on her, but she also needed to get him to her side. Nakikiusap na minasdan niya ito. "I have to do this. All I ask of

you is that you not stand in the way. Please… Micah."

Halatang nagulat ang lalaki sa pagbabago ng timpla niya. Kitang-kita ang struggle nito kung pagbibigyan ang pakiusap niya. When he averted his eyes, her heart sank. But then…

"All right, Lucienne."

At those words, her response was almost automatic. Humakbang siya palapit kay Micah at ipinatong ang kamay sa balikat nito. "Thank you."

Inilapit nito ang mukha. "But I'm still going with you."

Napabitaw siya rito, sabay atras. "Damn it, Micah! This doesn't concern you."

"It does if it concerns *you*."

"Laban ko ito… I don't want you involved."

He walked up to her and planted himself back in her personal space. "Too bad," bulong nito.

Nang sinubukan niyang itulak si Micah ay mabilis na nahagip nito ang kanang braso niya. His gaze never faltered as he drew her to him, his body enveloping hers in a fuzzy warmth.

Lucienne felt shivers running through her body

that had nothing to do with the intimacy of his embrace. It's the strength of his frame and the resolve in his eyes, because Micah met her accusing stare unflinchingly.

She gasped when she felt a slight tremor coming from him. She felt her cheeks burning when she realized her breasts brushed against his solid upper body with every breath.

She should just push him away or stop breathing altogether. But Micah smelled so good, and it felt nice to be in his arms again. Parang sa mga sandaling iyon ay unti-unting napapawi ang mga alalahanin niya.

But then she felt him slowly release her. "Dinner's at seven o'clock. Susunduin kita sa apartment mo at around six. I promise to be on my best behavior." He flashed her a grin. "You won't even know I'm there."

Lucienne just looked at him warily before returning to her table. Hindi na niya gaanong pinansin si Micah buong araw, ngunit tila balewala lang iyon dito. She couldn't believe she just allowed him to hold her like that. What did it mean?

Why did she want to know?

Pasado alas tres ng hapon ay naduduling na siya sa pagbabasa ng santambak na reports mula

sa intelligence analysts nila. Sandaling isinandal niya ang ulo sa headrest ng kanyang upuan at hindi sinasadyang napatingin sa gawi ni Micah, na pinagmamasdan siya. His glasses had slid down his Roman nose, but he didn't seem to mind. Tila wala rin itong pakialam na nahuli niyang nakatingin.

She hated it that her cheeks felt like they've been set on fire. Kailangan niyang umalis. Pupunta siya sa HR, sa Accounting, sa Evidence laboratory—anywhere just to seek refuge from this beautiful man's presence.

Inilapat ni Lucienne ang mga palad sa mesa at tatayo na sana, ngunit noon niya nakita kung gaano siya tingnan ni Micah. There was longing, sadness, heat, passion... and something else that seemed to tell her that if she wanted to leave for a while, he would understand.

Iyon ang nagpabalik sa kanya sa upuan.

Alright, she'd stay. Magkikita rin naman sila mamaya, bakit pa sila mag-iiwasan?

3

"Ready? Kung hindi pa, maybe we can walk around first... just to ease the tension."

Nilingon niya si Micah. Nakatayo ito sa likuran niya at nakapamulsa ang parehong kamay sa pantalon nito. She couldn't have asked for a more handsome escort for the evening, although she kept that observation to herself. Baka isipin pa nitong hindi totoo ang ipinapakita niyang resentment sa pakikialam nito sa plano niya. Ayaw niyang i-consider man lang ni Micah na apektado siya ng presence nito.

She already got rid of him several years ago, why would he even matter that much to her now? Hindi niya inasahang muli niya itong makikita at makakatrabaho pa, but Lucienne didn't want to think she's daunted, either. No way.

But he looked so good in blue...

He seemed to have chosen his finest dark suit and a tasteful tie. His shirt was pressed and pristinely white. She knew Micah hated wearing white.

"You're beautiful, by the way."

Na-freeze sa ere ang muling pagkatok sana niya gamit ang brass knocker. Huminga siya nang malalim. "Thanks." It was just a compliment. And she knew she looked nice in her dark green tapered dress so why was she feeling nervous now? Ikinatok niya nang tatlong beses ang knocker. Inasahan niyang isang kasambahay o butler o kung sinumang household staff ni Senator Federic Mijarez ang magbubukas ng pinto, ngunit nagulat pa siya na ang mismong senador iyon. Simple lang ang kasuotan nito, na tila hinihintay talaga sila.

Lihim na lumunok ang dalaga. "Good evening, Senator. I'm Lucienne Duarte—"

"You're Rusty Duarte's littel girl?" natutuwang agaw nito sa sasabihin niya. "Pictures mo lang ang nakita ko dati. You've grown into one lovely young lady!" Iminuwestra nitong pumasok sila. "Come in, at sa den muna tayo habang inihahanda ang hapunan natin."

Nagkatinginan sila ni Micah bago sumunod sa nakatatandang lalaki. He led them to the spacious yet cozy den, kung saan matapos ang ilang minuto ng pleasantries ay dumerecho na sila sa usaping alam nilang pareho na dahilan ng pagbisita niya.

"I must tell you, Agent Duarte, that I am glad

you called," umpisa ni Senator Mijarez.

"Lucienne. You may call me 'Lucienne'."

"Lucienne," ulit nito bago napabuntong-hininga. "Alam kong alam mo na, pero ako na ang nagsasabi na walang katotohanan ang mga alegasyon nila."

Napatango siya bago sumulyap kay Micah na tahimik lang sa tabi niya at nakamasid din sa senador. She had never doubted her father would be involved in treason, of course. Ngunit nakapagpagaan pa rin sa kalooban niya ang marinig ang assurance ng kaibigan nito.

Minasdan niya ang nakatatandang lalaking nakaupo sa harap nila. For all his wealth and influence, Senator Mijarez didn't give off the impression of a man spoiled by success. Ngunit alam din niyang ang mga politiko ay magaling ding umarte, gumawa ng imaheng alam ng mga itong papatok sa mga botante.

She decided to reserve judgment for a while longer.

Nagpatuloy si Senator Mijarez, "Hindi ko alam kung alam n'yo na, pero isa ako sa ikino-consider ng partido namin na maging kandidato sa susunod na presidential elections. I suspect this is all part of a carefully designed plot to dissuade me from running.

Unfortunately, at ikinalulungkot kong nadamay ang pangalan ng iyong ama sa gulong ito para lang mas maging kumbinsido ang mga inilalabas nilang akusasyon.

"I suppose it would have been too convenient a story if mine was the only name mentioned. Hindi ko alam kung paano ko pa sasabihin kung gaanong nahihiya ako sa inyo ng pamilya mo sa nangyari. Nang tumawag ka, kasisimula ko lang ipahanap sa staff ko kung saan na kayo nakatira. Nawalan na kami ng regular na komunikasyon ni Rusty nang maging abala siya sa barko at ang pulitika naman ang hinarap ko," nakikiusap ang mga matang paliwanag ng senador.

"Kung politically motivated po ito, bakit pa po kayo iba-blackmail ng kung sinumang may hawak ng mga dokumentong magdidiin sa inyo? Bakit hindi na lang po ibenta sa isang broadsheet o news agency, o ikalat sa social media?" tanong niya, sabay sulyap kay Micah.

Gusto niyang makita ang reaksyon nito sa narinig, kung naniniwala ba ito sa senador, ngunit tila mas interesado ang kasama niya sa impressionist painting sa dingding kaysa sa usapan nila. Gaya ng pangako ay hindi nga ito nakialam.

"Naisip ko na iyan, Lucienne. Alam kong sinubukan ng taong may hawak ng dokumento na siraan ako kaya may kopya na ang *NBI* at ang *UIN*, pero gaya ng inaasahan ay nag-conduct sila ng imbestigasyon. Sa tingin ko ay last resort ito ng may hawak ng dokumento para makakuha ng pera o kung anupamang demands." Napailing ito.

"I am actually just waiting for the documents, whatever they are, to surface. Malinis ang konsyensya ko. I did not betray this country in any way. Kung anuman ang nasa papeles na iyon ay tiyak na peke o manipulado lang."

Mukhang plausible naman ang sinabi nito. Magulo ang pulitika at kung anu-anong scandal at kontrobersya ang lumalabas na karamihan ay black propaganda lang. Still, Lucienne didn't like it that her father's name was dragged into this mess and even her career was compromised.

The senator might not be telling her all there was about the issue right now, but at least, the older man was aware of her presence. "Wala po akong gaanong access sa impormasyon tungkol sa issue na ito, Senator. But I am doing what I can to get to the bottom of this and I'll certainly keep you informed of any progress made."

"I appreciate that, pero kung maaapektuhan ang trabaho mo ay huwag mo na sanang gaanong abalahin pa ang sarili mo, Lucienne," nakangiting sabi nito. "Anyway, my wife Liana has been terribly upset by this. Naisip ko dating huwag munang ipaalam sa kanya ang tungkol sa gulong ito, pero hindi ko rin kinaya. I got the whole lecture about not keeping secrets from the people who love me."

Kahit hindi tumitingin sa katabi ay alam ni Lucienne na sa mga sandaling iyon ay nakikinig na sa usapan si Micah, at tiyak na inaabangan nito ang reaksyon niya sa huling sinabi ni Senator Mijarez.

"Anyway..." Sumenyas ang senador na tumayo na sila. "Naghihintay na ang hapunan. My wife prepared all her specialties. Tara na."

Micah's hand was immediately at the small of her back when they stood up. Kahit hindi ito magsalita ay alam niya ang ibig sabihin niyon. He didn't trust the older man, and he wanted to protect her from whatever it was he planned on doing, especially because they're in his territory.

Liana Mijarez was prime First Lady material. She was gracious, poised, charming and beautiful. Marahil

ay mas bata ito sa senador nang at least fifteen years, pero hindi ito ang karaniwang trophy wife. Halata ang talino nito sa bawat galaw at pananalita, na parang laging kalkulado at may purpose. Her every word and gesture painted a picture of the perfect, devoted mate.

At hindi kumbinsido si Lucienne. Halata rin kasi ang bawat ginagawa at sinasabi ng babae ay tila pag-arte lang, at kulang kung hindi man walang mababakas na sinseridad. Iyon ang tipo ng pag-arteng kaya marahil makakumbinsi sa mga lalaki, ngunit hindi sa mga kapwa babaeng malakas ang intuition at perception pagdating sa mga ganitong bagay.

Masarap ang dinner na inihanda ng mga Mijarez. Habang kumakain ay lumayo rin muna sila sa usapin tungkol sa issue na kinasasangkutan ng nakatatandang lalaki. She was mostly quiet and only spoke when asked, but the senator and Micah discovered that they both loved basketball. As soon as they had their fill of the delicious dessert, the two men excused themselves to check out the senator's prized collection of autographed basketball memorabilia.

Gusto niyang sumunod, pero agad ding naisip na mas mabuting manatili sa kusina kasama ang asawa nito na sinu-supervise ang pagliligpit ng mesa

at naghahanda rin ng tsaa para sa kanila.

Bago sumunod sa senador ay tumingin pa sa kanya si Micah, tahimik na tinatanong kung okay lang siya. Halatang nagulat pa ito nang tumango siya, na may kasama pang ngiti. It was the least she could do to assure him she'd be fine, but apparently, she was still smiling when she faced Liana that the other woman smiled back knowingly.

Hindi siya sanay sa plastikan, at bilang trained investigator ay hindi nakaligtas sa kanya maging ang mumunting nuance ng babae. Halatang hindi rin nito appreciated na naiwan silang dalawa para mag-usap.

"You have a beautiful home, Ma'am Liana. Did you decorate it yourself?"

Marahang tumango ang babae bago sumimsim ng tsaa bagaman hindi nito inaalis ang tingin sa kanya. "For the most part, yes. For the past years since we've been married, I've been able to put all my time and design experience into fixing up this place."

"So, you're a designer?"

"Dati. At nagturo din ako sa Fine Arts Department ng *St. Benilde* nang halos sampung taon, hanggang sa makilala ko si Federic. I met him when he contracted my firm to update this house."

"What made you give it up? Iyong trabaho mo bilang designer at 'yung pagtuturo, I mean."

Liana smiled, but it was more condescending than sweet. "Obviously, wala kang alam kung paano ang maging asawa ng isang politiko, tama ba?"

"Can't say that I do."

"It becomes your life. Wala ka nang magiging panahon para sa ibang bagay."

"May pagkakataon bang nagsisi ka?"

Umarko muli ang isang kilay nito. "Minsan. Wouldn't you, Agent Duarte?"

"Hindi ako sigurado kung isa iyon sa pagpipilian ko in the first place. Masyadong importante sa akin ang career ko."

"May mga bagay na mas importante kaysa sa career," sabi nito, kulang sa conviction.

"Yes, I agree."

"Na-realize ko iyon nang makilala ko si Frederic, and I knew that I needed to share my life with someone. Otherwise, kung anumang tagumpay ang makukuha ko ay parang wala rin iyong silbi."

Matamang minasdan ni Lucienne ang babae.

She immediately recognized the well-rehearsed proclamation of 'love above all else' for what it was: a public relations gimmick.

"What about you, Agent Duarte? Mayroon bang isang bagay na maaaring maging dahilan para isantabi o isakripisyo mo ang career mo? A good enough reason, perhaps?"

"Meron siguro," umpisa niya. "Pero sa ngayon, ang pinakaimportante sa akin ay ang malaman kung sino ang nasa likod ng mga kasinungalingang pilit sumisira sa pangalan ng tatay ko. Hindi ako matatahimik hangga't hindi ko nalalaman."

"And if it costs you your career?"

"I hope that it won't come to that, pero kung sakali, sa tingin ko ay worth it naman iyon mapatunayan lang na hindi traydor ang tatay ko."

Liana raised her cup in salute. "Well then, sana ang paghahanap mong iyan ay hindi mangahulugan ng matinding kapalit, that your search for the answers doesn't exact too painful a sacrifice."

Lucienne stared at the woman. Bahagya itong namumula at may nababakas siyang pagkaalarma sa mga mata nito, at hindi rin nakaligtas ang subtle na pagbabanta sa tono at pananalita ng babae. Parehong

tahimik lang nilang minamasdan ang isa't isa, parang nag-aabang kung sino ang unang susuko.

She sipped on her tea and was instantly relieved when she heard Micah returning. Nakangiting nag-excuse siya kay Liana na tumango lang.

Her partner's hand once again rested on the small of her back.

With as hasty a farewell as courtesy allowed, she bid the Senator a good evening and almost pulled her partner out the door.

Halos takbuhin na niya patungo sa SUV ni Micah, na takang binilisan na rin ang paglalakad. "Wait up, *Cinderella*. It's not even close to midnight yet. Bakit ka ba nagmamadali?"

Huminga siya nang malalim. "Hindi ako nagmamadali. I just think we got everything we could from the Senator. Gusto ko lang na makauwi na at makapagpahinga kung isantambak na paperwork na naman ang haharapin ko bukas."

He hooked her elbow with his hand and pulled her around so he could see her face. "Sigurado kang iyon lang ang dahilan?"

"I'm sure, Alvarez. Really." Bumitaw siya at

nagpatiuna na ng lakad. Damn him for knowing her too well. She just prayed that he'd let it go.

Kailangan nang makauwi ni Lucienne para maumpisahan agad ang research. Kahit intuition lang ang nagtutulak sa kanya na gawin iyon ay nakasisiguro siyang sa daan para malaman ang katotohanan sa mga nangyayari ay naroon din ang asawa ng senador. Hindi niya alam sa ngayon kung ano ang posibleng involvement nito at iyon ang hindi na siya makahintay na malaman.

Involving Micah at this point would be premature. Kapag may mas solido na siyang ebidensya ay saka niya iyon ipapaalam dito.

4

Alam ni Micah na may itinatago sa kanya si Lucienne sa sandali pa lang na makalabas sila ng mansion ng mga Mijarez, pero hinayaan lang niya iyon. Hindi niya alam kung bakit, gayong gusto niyang malaman, kung maaari lang ang lahat ng plano ng partner tungkol sa ginagawa nitong pag-iimbestiga. Siguro dahil buong araw ay mas maayos ang pakikitungo nito sa kanya, at ayaw niya muna iyong sirain.

Naisip niyang kung makikita ni Lucienne na nirerespeto niya ang pananahimik nito, hindi magtatagal ay ipagtatapat din ng babae kung anuman ang obvious na gumugulo rito. She was quiet during the ride home. Quiet, but not relaxed. Parang nagko-concentrate ito sa kung saan at ipinagpalagay na lang niyang ibabahagi rin nito kung anuman ang naiisip na teorya kapag nakakuha na ito ng dagdag at sapat na impormasyon.

Kaya sinisisi ni Micah ang sarili sa sumunod na nangyari. Masyado siyang naging distracted sa pagmamasid kay Lucienne, sa pag-anticipate ng maaaring desisyon o plano nito habang pababa ito ng kanyang sasakyan. Hindi tuloy niya lubusang

nabantayan habang patawid ito ng kalsada.

There were road repairs going on and it was not possible for him to stop right in front of the steps to her apartment building. Kung naging mas mapagmasid lang sana siya sa paligid sa halip na distracted sa magandang kasama ngayong gabi, sana ay mas napansin niyang may paparating na panganib.

Instead of letting his imagination whisper its fantasies in his ear, he should have listened for the squealing of tires.

Instead of thinking about what she would have done if he'd kissed her goodnight, he should have been shouting a warning.

So in the end, he was as much to blame as the driver of the car that hit her.

———————

His heart stopped until he was certain that hers had not.

Habang nagpipilit si Lucienne na umupo nang derecho mula sa halos pagkakahiga nito sa kalsada ay marahan niya itong inalalayan sa likod.

"Lucienne, stay still." Hindi niya alam kung ano ang naging pinsala nito kaya siniguro niyang hindi

basta gagalaw ang babae. She had scratches, and there was blood on her clothes.

Kinuha niya ang cellphone gamit ang isang kamay habang ang isa ay nakaalalay sa likod ng kasama. Pero bago pa man niya nai-tap ang unang numero ng tatawagan ay naagaw na nito ang cellphone niya.

"I'm fine, Micah. Please."

Halata na ang inis sa tono nito, pero mas concerned ang binata sa kalagayan ni Lucienne kaysa sa mood nito. "Hayaan nating ang mga doktor ang magdesisyon niyan."

"Katawan ko ito, Micah. Alam ko kung kailan hindi ko na kaya at kung kailangan ko nang pumunta sa hospital. And right now, I know I don't have the need to. I'm fine."

"Lucienne—"

Ibinalik nito ang cellphone bago humawak nang mahigpit sa lapel ng jacket niya. "Please. Gusto ko na lang magpahinga."

Medyo madilim sa kinaroroonan nila para ma-assess niya nang maayos ang sitwasyon, pero sa tulong ng ilaw sa harap ng kalapit na building ay napansin din niya ang pakikiusap sa mga mata ni

Lucienne.

"Fine, but I should call this in. It was a hit-and-run. Kailangan natin itong i-report."

"Nakuha mo ba ang plate number?"

Umiling siya. "There was none. It was a black, old box-type sedan, though."

"Very generic. At wala din iyong magagawa sakaling itawag mo ito."

"Someone tried to kill you."

"Puwedeng aksidente rin iyon, Micah."

"Iyon ba ang gusto mong paniwalaan?"

She didn't have to answer. Sa kanilang trabaho, ay mas makabubuting i-assume na palaging may nakaantabay na panganib sa kanila, o sa kahit kanino. Pero ganitong ayaw ni Lucienne na magpadala sa hospital ay kailangan din niyang tiyakin na mabibigyan ng karampatang atensyon ang anumang naging pinsala nito, na maaalagaan ito kahit ngayong gabi lang. He pocketed the phone and tried to slide his arms beneath her so he could carry her into the building.

Nagpumiglas ito. "Damn it, Micah! Let me go."

Lumayo siya at hinayaan si Lucienne, pero siya ang nahihirapang panoorin itong nagpipilit tumayo dahil obvious namang nasaktan ito.

Frustrated na sinundan niya ang babae, nakaalalay sakaling hindi nito kayanin ang limang hakbang paakyat sa apartment building. Although it was evident from the careful way she was walking that she was in pain, he didn't offer any further assistance. He decided to wait until she asked.

True to form, she didn't ask, even as she made an achingly slow walk to the elevator. Napapabuntong-hiningang bumigay rin ito nang marating nila ang pinto ng unit sa third floor. Her shaking hand refused to still long enough to insert the key into the lock, that she surrendered a little of her control and handed the key to him.

Pagpasok sa apartment ay agad na binuksan ni Lucienne ang mga ilaw, dahilan upang makita agad ni Micah ang mga pinsala nito na hindi niya gaanong napansin kanina. She was a mess. Her clothing was torn; there was blood staining the sleeve of her jacket, and there was a long scrape which started somewhere on the portion of her thigh hidden by her skirt, ripped down to her ankle.

Paika-ika pa rin ang lakad nito patungo sa kusina

at lumapit sa refrigerator saka binuksan iyon.

"Makakauwi ka na, Micah. I'll be fine."

"You don't look fine."

Hindi ito kumibo. Nilapitan niya ito upang mas mapagmasdan. Walang anumang pinsala sa magandang mukha ng babae, ngunit nang bumaling ito sa kanya ay hindi maikakaila ang takot na nasa mga mata pa rin nito.

Dahil iyon din mismo ang nararamdaman niya sa mga sandaling iyon, at siguradong makikita ni Lucienne sa kanyang mga mata.

"Did you hit your head?"

Ibinaba nito ang tingin at umiling. "No, I don't think so. Kailangan ko lang sigurong mag-shower at magpahinga na at magiging mas okay na ako."

Her voice sounded the same. Firm and resolute. But Micah was not convinced. He lifted her chin with a gentle finger so he could examine her more closely. May maliit na pasa malapit sa hairline nito na hindi niya napansin agad kanina. Marahang idinampi niya roon ang hintuturo, dahilan upang mapaigtad si Lucienne.

"I'm sorry," bulong niya.

Iniwan ng kanyang kamay ang pag-inspeksyon sa pasa nito at sa halip ay masuyong pinaglandas ang mga daliri paakyat sa ulo nito, pasuklay sa nagulong buhok. He delicately traced over her head, to check for hidden injuries. And for another reason.

Habang nakatayo siya sa harap ng dalaga at marahang pinaglalandas ang kamay sa ulo nito, habang nakikita niya kung paano ito nagre-relax dahil doon, ay tila ine-exorcise din niya ang imaheng halos magpabaliw sa kanya kanina—ang makitang kung paanong muntik nang mawala ang babaeng ito sa kanya. Sa loob ng ilang segundo ay tila naroon siyang muli sa kanyang sasakyan, at pinipilit ang nanghihinang mga binti na lumabas na upang agad daluhan si Lucienne, habang nilalabanan ang matinding takot na tila tumatalo sa kanya.

He pulled her forward until she was pressed against him. One hand continued to stroke her hair and the other slid down her back to draw her even closer.

"Micah…" napapabuntong-hiningang tawag nito. Kahit walang ibang sinabi si Lucienne ay dama niya ang pasasalamat sa simpleng pagsambit nito sa kanyang pangalan. "Micah, namamantsahan ng dugo ko ang damit mo…"

"I don't care, Lucienne. It's just a jacket... and a shirt. Puwede ko namang labhan ito."

At that, and only for a moment, she dropped the armor of professional distance, leaned into his body, and allowed him to shelter her in his arms. He buried his face in her hair and unthinkingly tightened his embrace. Pero nang marinig niya ang pagsinghap nito, dala marahil ng sakit ay agad siyang bumitaw, at bahagyang inilayo ang sarili.

Ibinuka niya ang mga labi upang magsalita, ngunit itinaas nito ang isang kamay upang pigilan siya. "I'm okay, Micah. Galos at pasa lang ito. I'll feel better after a shower." Bumitaw ito sa kanya. Mabagal at paika-ikang naglakad ito patungo sa kuwarto. Naiwan siyang nakatayo sa tabi ng refrigerator, hindi malaman kung aalis na o mananatili roon.

Lucienne made the decision for him when she stopped at the doorway and turned around. Tila hindi nito gusto ang nakatakdang sabihin at hindi makatingin nang derecho sa kanya. "Puwede bang... baka kasi kailanganin ko ng tulong sa paglalagay ng bandages sa likod ko. Dito kasi masakit eh." She sighed. "Do you think...?"

Micah fought the urge to run across the room and kiss her until the pain was a distant memory. Dati

pa ay hirap na si Lucienne na humingi ng tulong sa kahit ano o ang ipakita man lang na hindi nito kayang gawin ang isang bagay.

"I'll stay, Lucienne. Gusto mo bang kumain uli? Uminom? I could fix us something while you're getting cleaned up."

"No, thanks. Pero kung nagugutom ka, or whatever, help yourself to anything I've got." Iminuwestra nito ang kusina bago tumalikod na at nagbalik sa loob ng kuwarto.

Nakahinga nang maluwag si Micah nang lumabas ng kuwarto si Lucienne matapos ang tatlumpung minuto. Nakapagbihis na rin at nalagyan na nito ng maliliit na bandages ang mga galos na tinamo sa braso at binti. Her wounds, once cleaned of blood and dirt, appeared less serious now. Nagawa man ng babae na lagyan ng lunas ang naka-expose na mga pinsala ay hindi pa rin matahimik ang binata hangga't hindi niya na-che-check ang likod nito.

He felt he needed to do that for her, perhaps even more than she needed to have it done. The emotional wound that began tearing at him the instant she hit the ground would be healed only when he was

convinced she was well.

"Nasaan na ang bandages? You know, you're lucky I make house calls," biro niya, mabawasan lang ang bigat ng nararamdaman dala ng hindi maalis na pag-aalala.

"Uhm... Micah, sa tingin ko okay na ako. Hindi naman pala ganoon kalala ang mga sugat. Nagawa ko na ngang linisin at gamutin." Itinaas pa nito ang mga braso. Nakatingin lang siya sa babae. Apparently, habang nilulunasan nito ang sariling mga pinsala ay muli rin nitong itinatayo ang pride na sa tingin nito ay gumuho sa sandaling hinayaan siya nitong tumulong ngayong gabi.

But Micah wouldn't have any of it, so he took her by the hand and led her to the couch. "Alam mo, bilib ako sa tapang mo at nagawa mo pa rin talagang linisin at gamutin iyan, pero hindi mo pa rin kayang tingnan ang likod mo. Come on." Inalalayan niya ito sa couch, at iniupo patalikod sa kanya.

"Micah, I don't think—"

"Shh... Let me do this."

Napabuntong-hininga ito, alam na wala nang magagawa kundi sumunod na lang at hayaan siyang tingnan ang likod nito. Yet the tension in her body was

unmistakable. She had put on a pair of loose shorts and an old, soft t-shirt after her shower. It was not the most flattering clothes he'd ever seen her on, but Micah's heart sped up as he lifted the hem of her shirt.

He silently cursed himself, and stomped down the urge to touch her in any but the most clinical of ways, and concentrated on the task at hand.

Sa ibaba ng likod nito ay may namumulang bahagi na hindi magtatagal ay magiging pasa, pero hindi naman napilas ang balat nito. Habang nalalantad sa kanya ang iba pang bahagi ng katawan ni Lucienne ay padami nang padami ang nakikita niyang pasa at galos. Kahit papaano ay unti-unting nababawasan ang pag-aalala niya dahil, at least, tama naman pala ang sinabi nito, na superficial lang ang naging mga pinsala nito sa likod.

Muli niyang itinaas pa ang t-shirt, at nagtaka nang mapansing tila hinihila naman ni Lucienne ang harap niyon. Inakala niyang nahihiya lang ito. Even if he had seen more than her back before, it had been several years ago and many things changed since then. Still, she wasn't wearing a bra. He recognized her vulnerability in that situation, even though he knew she trusted him not to take advantage.

Pero naging mas malinaw sa kanya ang dahilan

ng tahimik nitong pagsubok na tuluyan niyang itaas pa ang t-shirt nito nang makita niya kung ano ang pilit itinatago ni Lucienne. An angry, jagged laceration tore across her shoulder blade. Doon marahil nanggaling ang karamihan ng dugo sa damit nito kanina bagaman naampat na iyon ngayon. Nagawa iyong linisin ng partner niya pero hindi naman posible para rito na lagyan iyon ng bandage na alam niyang kailangang agad na ilagay sa malalim na sugat na iyon.

"Damn it, Lucienne! You should have told me it was this bad. Sigurado kang ayaw mong pumunta sa hospital? Baka kailangang tahiin ito."

Sinubukan pa rin nitong hilahin pababa ang kamiseta. "Okay lang iyan."

Napabuga siya ng hangin. "Sige, sinabi mo. Pero hindi ako aalis dito hangga't hindi ko nalalagyan ng bandage iyan. So you may as well save yourself the trouble of arguing." Binitawan niya ang kamiseta at tumayo upang lumipat ng puwesto, sa harap ni Lucienne upang mas mamasdan niya ang mukha nito. He also wanted her to see how absolutely serious he was. "Now, where are the bandages?"

Ilang segundong nakatingin lang ang babae sa kanya bago sinabing kunin niya ang asul na plastic container sa dresser nito sa kuwarto. Ikinagulat man

niyang hindi na ito gaanong nakipagtalo pa ay alam din niyang paraan nito iyon para isalba pa rin ang pride nito. Just as long as she allowed him to stay for a while longer.

Matapos malagyan ng bandages ang likod ni Lucienne ay sinimulan naman niya itong tanungin. Ipinakuwento niya ang lahat ng naaalala nito tungkol sa insidente. Malinaw nitong nagawa iyon, ngunit hindi rin nakatulong para makapagbigay ng sapat na clues sa kung sino ba ang nagda-drive ng sasakyan.

At bagaman maraming maaaring nagtatanim ng lihim na galit sa partner niya, mula sa mga taga-*UIN* na nabasted nito, sa masasamang-loob na nagawa nitong maipakulong, salamat sa galing nito bilang U16 investigator, ay wala pa rin sa mga iyon ang maaaring maging suspect nila.

Pinag-usapan din nila ang posibilidad na may kinalaman ang nangyari sa nagaganap na imbestigasyon kay Senator Mijarez at sa yumaong ama ni Lucienne. But given the fact that she had no official access to the case and her extracurricular investigation had resulted in little more than a pleasant dinner with the Senator and his wife, there was no logical motive for anyone to target Lucienne.

Sinubukan ni Micah ang iba pang questioning

technique na nalalaman niya, sa pag-asang may makukuha pa siyang impormasyon sakaling may iba pang maalala ng dalaga. Pero hindi nagtagal ay numipis na rin ang pasensya nito hanggang sa ideklarang nasabi na nito sa kanya ang lahat ng naaalala. If she recalled anything else, she vowed he would be the first to know. Tumigil na rin siya sa pagtatanong.

Nagpaalam na siya kay Lucienne na uuwi na, ngunit sa halip na dumerecho sa apartment niya na walking distance lang sa building nito ay nagtungo siya sa opisina nila sa *UIN*.

Hindi na bago sa security force sa *UIN* building na may mga U16s na bigla na lang sumusulpot sa kalagitnaan ng gabi at nagkakampo sa opisina ng mga ito. Anything could come up during an investigation and agents tend to take advantage of *UIN*'s access to every database they had. Ginugol ni Micah ang sumunod na ilang oras upang mag-research, at natagpuang hindi rin ganoon kadaling basta ma-track down kung sinuman ang responsable sa maaaring pagtatangka sa buhay ni Lucienne.

Ang alam lang nila pareho na isang lumang itim na sedan ang sasakyang bumangga sa babae, at ilang libo ang matches niyon sa buong Metro Manila. Sa

ngayon ay imposible pang makagawa agad sila ng listahan ng suspects kung ganitong kulang sila sa detalye.

Pero nakatitiyak siyang walang plaka ang kotseng iyon, at hindi siya maaaring magkamali roon. Therefore, imposibleng random ang insidente. Whoever had hurt Lucienne Duarte had done so deliberately.

From there, Micah was able to conclude something else. The driver of the car wasn't trying to kill her. The measures that had been taken to thwart identification were signs of a professional hit. Kung gusto ng taong ito na pumatay, siguradong mas matindi pa ang ginawa nito at malamang ay nasa morgue na sa mga oras na ito si Lucienne, sa halip na ligtas na nagpapahinga sa apartment nito. That thought alone sent shivers through him.

Ang nangyari kanina ay hindi isang bigong pagtatangka sa buhay ni Lucienne kundi isang babala.